

**XAVIER BECERRA**  
**Attorney General**

**State of California**  
**DEPARTMENT OF JUSTICE**



1515 CLAY STREET, 20TH FLOOR  
P.O. BOX 70550  
OAKLAND, CA 94612-0550

Public: (510) 879-1300  
Telepono: (510) 879-0262  
Facsimile: (510) 622-2270  
E-Mail: Erin.Ganahl@doj.ca.gov

Nobyembre 7, 2018

Bb. Afshan Hamid  
Acting Planning and Development Services Coordinator  
City of Vallejo  
555 Santa Clara Street  
Vallejo, CA 94590  
*Sa pamamagitan ng U.S. Mail at E-mail: Afshan.Hamid@cityofvallejo.net*

Hinggil sa: Vallejo Marine Terminal at Orcem Cement Plant Project, State Clearinghouse #  
2014052057

Mahal na Bb. Hamid:

Nirepaso ng Tanggapan ng California Attorney General ang panghuling balangkas ng Environmental Impact Report (“DFEIR”<sup>1</sup>), Environmental Justice Analysis (“EJA”), at ng Air Quality Evaluation and Health Risk Assessment para sa Revised Operations Alternative ng Proyekto (“Revised Air Analysis”) para sa Vallejo Marine Terminal and Orcem Cement Plant Project (“Proyekto”) at buong galang na isinusumite ang mga sumusunod na komento.

May interes ang Attorney General sa pagpoprotekta sa kapaligiran ng estado at sa kalusugan ng publiko, at tinitiyak na ang lahat ng mga mamamayan sa estado - kasama ang mga komunidad na may mababang kita at mga komunidad na tinitirahan ng iba pang mga lahi - ay patas na pinakikitunguhan sa pagpapatupad ng mga batas na pangkapaligiran na nakaka-apekto sa kanila.<sup>2</sup> Ang mga dokumentong pangkapaligiran para sa Proyekto ay nabigong makapagbigay ng sapat na legal na suporta para sa Lungsod ng Vallejo (“ang Lungsod”) para maaprubahan ang Proyekto dahil: 1) nabigo ang DFEIR sa sapat na pagpapahayag, pagsusuri, at pagbabawas sa

---

<sup>1</sup> Karaniwan, sa ilalim ng California Environmental Quality Act (“CEQA”), ang pangunahing ahensya ang unang naghahanda ng balangkas na ulat sa epekto sa kapaligiran, at pagkatapos, makalipas na matanggap ang mga komentong mula sa publiko, binabago ang DEIR at ipinapakita ito, kasama ng mga sagot sa mga komentong mula sa publiko, bilang isang panghuling ulat sa epekto sa kapaligiran. Hindi malinaw mula sa mga dokumento ng pagrerepasong pangkapaligiran para sa Proyekto kung bakit ang binagong DEIR para sa Proyekto ay tinatawag na “panghuling balangkas” na ulat sa epekto sa kapaligiran, o kung ano ang legal o pang-prosesong kahalagahan ng nasabing pamagat. Ngunit dahil pinili ng Lungsod na tawagin ang kasalukuyang dokumento ng pagrerepasong pangkapaligiran bilang isang panghuling balangkas ng ulat sa epekto sa kapaligiran, ginagamit namin ang katawagang iyon sa sulat na ito.

<sup>2</sup> Isinusumite ng Attorney General ang mga komentong ito na alinsunod sa kaniyang independiyenteng kapangyarihan at tungkuling protektahan ang kapaligiran at mga likas na yaman ng Estado. (*Basahin ang* Cal. Const., art. V, § 13; Gov. Code, §§ 12511, 12600-12612; *D’Amico v. Bd. of Medical Examiners* (1974) 11 Cal.3d 1,1415.)

Nobyembre 7, 2018

Pahina

mahahalagang mga epektong pangkapaligiran ng Proyekto; at 2) hindi wastong binigyan ng kongklusyon ng EJA na ang Proyekto ay hindi katugmang makaka-apekto sa mga komunidad na may mababang kita at ibang lahi; at samakatuwid, at samakatuwid ay nakakapanlinlang sa mga tagapag-desisyon at publiko sa pamamagitan ng pagpapakaunti sa malaking mga dapat ikabahala na magiging epekto sa kapaligiran na sanhi ng Proyekto. Hinihikayat namin ang Lungsod na magsagawa ng mga karagdagang pasyuri sa kapaligiran bago aprubahan ang proyekto para matiyak na ang kakulangan ng DFEIR at EJA ay nawawasto at ang mga epektong pangkapaligiran ng Proyekto ay nauunawaan, ipinapahiwatig, at nababawasan hanggang sa sukdulan ng makakayanan nito.

## **I. Background**

### **A. Ang Proyekto**

Ang Proyekto ay binubuo ng dalawang bahagi: (1) ang Vallejo Marine Terminal (“Terminal”) at (2) ang Orcem cement plant (“Cement Plant”). Ang Terminal ay tatanggap ng mga barko na may dala-dalang bulk cargo, mga materyales para sa konstruksiyong pandagat, at mga materyales para sa produksyon ng semento. Hanggang apat na malalaking barko at may average na 3.5 mas maliliit na sasakyang pandagat ang ibababa kada buwan, na kung saan ang pagbababa ng kargada ay tatagal ng lima hanggang pitong araw para sa malalaking vessel at isang araw naman para sa mas maliliit. Ang Terminal ay bukas para sa trabaho ng 24 oras kapag ang mga vessel ay binababaan ng karga. Samakatuwid, sa mga buwan kapag bukas ang Terminal sa sukdulang kapasidad nito, ito ay magtatrabaho ng 24 oras, pitong araw sa isang linggo.

Ang Cement Plant ay gagawa ng “green” (mainam sa kapaligiran) na semento mula sa giniling na blast furnace slag, gagawa ng tradisyonal na portland cement gamit ang mga kinuha mula sa ibang bansa na clinke, o gagawa ng “green” na semento at na-import na finished na portland cement para maipamahagi ito. Sa paggagawa ng semento, ang mga raw material ay ibababa mula sa Terminal, mga rail car, at trak, at ililipat gamit ang isang conveyor papunta sa Cement Plant. Ang Proyekto ay makakalikha ng hanggang 552 mga biyahe ng trak kada araw at 200 pagbiyahe ng rail car kada linggo. Sa mga biyahe ng trak na ito, hanggang 509 ang direktang bibiyahe patungo sa mga kalapit na residential na komunidad, nang 24 oras.

### **B. Ang Area ng Proyekto**

Ang Proyekto ay kalapit ng mga residential na komunidad sa north, east, at southeast. Humigit-kumulang sa 1500 mga tirahan, walong simbahan, isang elementary school, at isang community center, dalawang parke na matatagpuan sa loob lang ng kalahating milya mula sa Proyekto; ang karamihan sa area na ito ay nasa direksyon kung saan umiihip ang hangin. Sa west at south ng Proyekto ay ang Mare Island Strait, kung saan pumapasok ang Napa Riber sa San Pablo Bay.

Ang mga kalapit na komunidad ay mga may mababang kitang komunidad at mga komunidad ng ibang lahi na parehong lubos na nagkakaproblema sanhi ng polusyon at partikular na madaling maapektuhan ng mga epekto sanhi ng polusyon. Ang mga kalapit na Interstate 80 at 780 at ang Highway 29 ay parehong nagdudulot ng polusyon sa hangin sa mga pumapalibot na area, at ang area ay non-attainment para sa ozone, particulate matter (“PM”)<sub>2.5</sub>, at PM<sub>10</sub>. Ang Proyekto at ang mga residente sa mga kalapit na lugar nito ay matatagpuan sa “Bay Area

Nobyembre 7, 2018

Pahina

Refinery Corridor,” na kinabibilangan ng Chevron refinery sa Richmond, at Tesoro at Shell refineries sa Martinez, at Valero refinery sa Benicia. Ang Petroleum refineries ay nagpapalabas o nagpapasingaw ng mga pollutant sa hangin tulad ng mga nakakalasang mga pollutant ng hangin, PM, at mga nitrogen oxides (“NO<sub>x</sub>”), at nagdudulot ng kontaminasyon ng tubig sa lupa, tubig sa ibaba, at kontaminasyon ng lupa. Dagdag pa dito, ang Mare Island Naval Shipyard, na nasa harap ng strait, ay isang superfund na lugar at isang makasaysayang pinagmumulan ng nakakalason na kontaminasyon. Ang trapiko sa transportasyon ng barko sa Carquinez Strait ay isa pang pinagmumulan ng mga contaminant ng hangin.

Itinalaga ng California Environmental Protection Agency (“CalEPA”) ang lugar bilang isang “disadvantaged na komunidad,” gamit ang isang tool na tinatawag na CalEnviroScreen na ikinokonsidera ang impormasyong pangkapaligiran, pangkalusugan, at socio-economic na impormasyon para makalikha ng scores at ranggo sa bawat census tract ng estado. Ang census tract na may mataas na score ay iyong nakakaranas ng mas mataas na hirap sanhi ng polusyon kaysa sa census tract na may mababang score.<sup>3</sup> Inilalagay ng CalEnviroScreen ang mga komunidad na katabi ng Proyekto sa 83rd percentile para sa pangkalahatang problema at kadaliang maapektuhan ng polusyon. Ang area ay may mataas na ranggo para sa bilang ng mga site na nakontamina ng mapapanganib na kemikal (96th percentile), tumutulong underground na mga storage tank na naglalaman ng mga mapeligrong mga kemikal (99th percentile), mga hindi maaayos na anyong tubig (91st percentile), at mapeligrong mga pasilidad ng dumi (89th percentile). Ang mga komunidad na may di pangkaraniwang mataas na rate ng hika (99th percentile) at mga cardiovascular na sakit (96th percentile), na ang parehong mga kondisyon na sanhi at nagpapalawak ng polusyon sa hangin. Ang mga sanggol na ipinanganak sa area na ito ay mas malaki ang posibilidad kaysa sa 83 porsiyento ng mga sanggol sa estado, na ipapanganak na mababa ang timbang (mas magaan sa lima at kalahating pounds). Ang mga nanay na nalalantad sa polusyon ay mas mataas ang posibilidad na ang kanilang isisilang na sanggol ay kulang sa timbang, at ang sanggol na may mababang timbang ay mas mataas ang posibilidad na mamamatay habang sanggol o magkakaroon ng hika at iba pang mga talamak na karamdaman kaysa sa mga bata na mas mabigat ang timbang.

## **II. Mga Komento**

### **A. Ang DFEIR ay Lumalabag sa CEQA**

Ang layunin ng CEQA ay tiyakin na, kapag may pampublikong entidad na may mapipiling awtoridad para sa isang proyekto, ikokonsidera ng ahensya ang maaaring maasahang mga epektong pangkapaligiran ng proyekto kapag ginagamit ang nasabing awtoridad. (Pub. Resources Code §§ 21000, 21001, subd. (d).) Hanggang sa nasabing saklaw na iyon, ang

---

<sup>3</sup> *Basahin ang* CalEnviroScreen 3.0 Report, Office of Environmental Health Hazard Assessment, Enero 2017, na handang makuha sa <https://oehha.ca.gov/media/downloads/calenviroscreen/report/ces3report.pdf>. Ang CalEPA ay gumagamit ng CalEnviroScreen para magtalaga sa mga disadvantaged na mga komunidad nang umaalinsunod sa Safety Code section 39711. Ang (California Environmental Protection Agency, Designation of Disadvantaged Communities Alinsunod sa Senate Bill 535 (De Leon), April 2017, na available sa <https://calepa.ca.gov/wp-content/uploads/sites/62/2017/04/SB-535-Designation-Final.pdf> [pagtatalaga ng nangungunang 25% ng mga komunidad sa ilalim ng CalEnviroScreen 3.0 bilang “mga disadvantaged na komunidad”].)

Nobyembre 7, 2018

Pahina

namumunong ahensya ay dapat ipahiwatig sa publiko ang posibleng direkta at di direktang mga epektong pangkapaligiran, at—kung saan posible—ipatupad ang mga hakbang sa pagpapakaunti upang maalis o mabawasan ang mga epektong iyon. (*Id.* sa §§ 21002, 21002.1.) Ang DFEIR para sa Proyekto ay nagdurusa sa maraming mga kamalian, tulad ng mga sumusunod.

a. Nabigo ang DFEIR na Sapat na Ikonsidera ang Kaayusan ng Kapaligiran at Mga Dumaraming Epekto ng Proyekto

Habang hindi tiyak na binanggit ng CEQA ang mga salitang "environmental justice", higit pang tinutulak ng CEQA ang "environmental justice" sa pamamagitan ng paghihiling mula sa mga pangunahing ahensya na isaalang-alang ang kasalukuyang kapaligiran ng proyekto at anumang mga pinagsama-samang epekto ng proyekto kasama ng mga nakaraan, pangkasalukuyan, at posibleng panghinaharap na mga proyekto.<sup>4</sup> Magkakasamang hinihiling ng mga kautusan na ito sa pangunahing ahensya na pagpasyahan kung ang polusyon mula sa proyekto ay magkakaroon ng malaking epekto sa mga kalapit na komunidad, habang isinasaalang-alang ang kasalukuyang mga problema sa polusyon na nagpapahirap sa mga komunidad na nakakaranas nito at ang kontribusyon ng proyekto doon sa mga kasalukuyan nang nararanasan na polusyon. Ngunit nabigo ang DFEIR na sapat na ilarawan ang mga kaayusang pangkapaligiran ng Proyekto at nabigong suriin at ipahayag ang pinagsama-samang mga epekto sa kapaligiran ng Proyekto, sa mga kalapit na komunidad ng "environmental justice".

i. *Inadequate "Environmental Setting" Description*

Naitatag na ang "kahulugan ng aktibidad ay depende sa kapaligiran nito." (*Kings County Farm Bureau v. City of Hanford* (1990) 221 Cal.App.3d 692, 718.) Samakatuwid, "ang isang proyekto na karaniwang walang kahalagahan sa epekto nito sa kapaligiran ay maaaring mahalaga para sa isang partikular na sensitibong kapaligiran." (CEQA Guidelines, § 15300.2, subd. (a).) Ang paglalarawan sa kaayusan ng kapaligiran ng proyekto ay sa gayong nararapat na maglarawan sa parehong mga hirap na mahaharap ng kapaligiran ng mga naapektuhang komunidad at ang pagkakaroon ng mga nalalapit na sensitibong receptor. Nabigong ilarawan ng pagpapaliwanag ng kaayusan ng kapaligiran ng DFEIR ang mga hirap sa kapaligiran na dulot ng residential na komunidad na lubos na nalalapit sa Proyekto.

Tulad nang inilarawan sa itaas, ang Proyekto ay ilalagay katabi sa isang komunidad na lubos na maliit ang magiging apekto ng polusyon sa kapaligiran na maaaring humantong sa mga negatibong epekto sa kalusugan at may konsentrasyon ng mga tao na sensitibo sa nasabing polusyon. Ngunit, nabigong ipahayag ng DFEIR ang kondisyong pangkapaligiran ng pumapalibot na area, kasama ang mataas na bilang ng mga nakontaminang site, na may tulong underground na storage tank, at mga nagbibigay kontribusyon sa mga pollutant sa hangin tulad ng mga kalapit na refinery at freeway.

---

<sup>4</sup> Para sa mas detalyadong tungkulin na ginagampanan ng CEQA sa pagtatasa ng mga epekto sa mga komunidad ng "environmental justice", *basahin ang* Attorney General of California, Environmental Justice sa Lokal at Pangrehiyong Level: Legal na Background, ika-10 ng Hulyo, 2012, available sa [https://oag.ca.gov/sites/all/files/agweb/pdfs/environment/ej\\_fact\\_sheet.pdf](https://oag.ca.gov/sites/all/files/agweb/pdfs/environment/ej_fact_sheet.pdf).

Kinikilala ng DFEIR ang pagkakaroon ng ilang mga sensitibong receptor sa pamamagitan ng pagpapahayag ng mga paaralan, mga pasilidad ng daycare, mga convalescent home (mga tuluyan ng nagpapagaling sa sakit), at mga medikal na pasilidad sa loob ng isang 2.5 milyang site ng Proyekto, kahit na hindi nito kinikilala o sinusuri ang mga panganib sa kalusugan na may kaugnayan sa polusyon na naranasan na noong mga nasabing sensitibong receptor. Kasama rin sa DFEIR ang isang health risk assessment (“HRA”) na nagtatasa sa mga panganib sa kalusugan ng mga toxic air contaminante na may kaugnayan sa Proyekto at PM<sub>2.5</sub> emission at natagpuan na ang mga panganib na iyon ay mas maliit ang kahalagahan. Ngunit nabigo naman ang HRA na isaalang-alang ang kaayusang pangkapaligiran ng Proyekto; hindi nito sinusuri ang background na air toxics o PM<sub>2.5</sub> levels—o anumang iba pang background na level ng nagkokontamina sa hangin—na maaring magpahalaga sa mga epekto ng Proyekto kapag sinusuri kasama ng mga background na level o ang bukod-tanging kadalian ng komunidad na mapinsala sanhi ng mga nasabing pollutant.<sup>5</sup> Tunay nga, tulad nang tinalakay sa nakalakip na ulat ni Camille Sears (“Sears Report”), ikinokonsidera lang ng HRA ang mga source na umaabot hanggang kalahating milya mula sa site,<sup>6</sup> at hindi isinasaalang-alang ang marine vessel, mga nasa kalyeng sasakyan (halimbawa, ang I-80 at I-70, na napapaloob sa isang milya mula sa iminumungkahing pasilidad), o iba pang kasalukuyan nang mayroon na non-point source na toxic air contaminant emission tulad ng mga lokal na refinery (Sears Report sa p. 11), kung saan ang lahat ay may kontribusyon sa mga kasalukuyang bigat ng polusyon sa mga lokal na komunidad at ang mga nauugnay na panganib sa kalusugan.

Ang kabiguang ipahayag ng DFEIR ang mga level ng polusyon sa background ay nagpapaliit sa kahalagahan ng mga epekto ng Proyekto at samakatuwid, ay nakaka-impluwensya sa mga pagsusuri ng DFEIR sa mga epekto sa kapaligiran. Ang pagtatalakay ng DFEIR sa kaayusan ng kapaligiran ay dapat baguhin para magkaroon ng kamalayan ang publiko at ang mga tagapagdesisyon at maunawaan nila ang tunay na mga epekto ng Proyekto.

*ii. Hindi Sapat na Pinagsama-samang Pagsusuri sa Mga Epekto*

Hinihiling ng CEQA mula sa pangunahing ahensya na ikonsidera kung ang mga epekto ng proyekto, habang tila limitado ang mga ito mag-isa, ay “pinagsama-samang magkokonsidera” at samakatuwid, ay makabuluhan. (Pub. Resources Code, § 21083, subd. (b)(3).) Kapag ang isang komunidad ay mayroon nang malaking problema sa mataas na polusyon, ang mahalagang tanong ay “kung anumang karagdagang dami” ng polusyon na sanhi ng proyekto “ay dapat ikonsiderang makabuluhan bilang kaugnayan sa malubhang kapaligiran” ng kasalukuyang problema. (*City of Hanford, supra*, 221 Cal.App.3d at p. 718.)

Masasabi nga, tulad nang ipinaliwanag ng California Office of Environmental Health Hazard Assessment, “ipinapakita sa napakaraming mga pag-aaral na ang maramihang pinagmumulan ng polusyon ay hindi patas na nakatuon lahat sa mga mababang kita na

---

<sup>5</sup> Muling tinitingnan ng Revised Air Analysis ang HRA, ngunit hindi nito binabanggit ang mga sensitibong receptor o mga tugon sa nakaraang mga pagkukulang ng HRA.

<sup>6</sup> Hindi maunawaan kung bakit kinikilala ng DFEIR ang mga sensitibong receptor ng DFEIR sa loob ng 2.4 milya mula sa site ng Proyekto, ngunit ikinokonsidera lang ng HRA ang mga pinagmumulan ng polusyon sa loob ng isang kalahating milya mula sa site.

Nobyembre 7, 2018

Pahina

komunidad na may populasyong karamihan ay mga minority. At, may ilang mga pag-aarla na nag-ulat ng tumaas na pagiging sensitibo sa polusyon, para sa mga komunidad na may mababang kita, mababang antas ng edukasyon, at iba pang biological at social na mga factor. Ang kombinasyong ito ng maraming mga pollutant at tumaas na sensitibilidad sa mga komunidad na ito ay maaaring magresulta sa mas malaking dumaraming epekto ng polusyon.”<sup>7</sup> Ito ang dahilan kung bakit mahalagang ikonsidera ang mga epekto ng proyekto kasama ng nakaraan, kasalukuyan, at posibleng panghinaharap na mga proyekto para mapagpasyahan kung ang mga epekto ay dumarami para makonsidera.

Gayun pa man, ang mga pagsusuri sa dumaraming epekto ng DFEIR ay binabale-wala ang nakaraan at kasalukuyang mga proyekto, ikinonsidera lang ang tatlong mga kalapit na proyekto na nasa proseso nang maaprubahan o kamakailan nakumpleto: isang iminungkahitng restaurant, isang storage facility, at pagpapahinto sa posibleng pinsala sa kapaligiran ng isang dating manufactured gas plant. Nadetermina ng pasusuri na ang mga dumaraming epekto ay maaari lang makabuluhan sa NO<sub>x</sub> na polusyon at greenhouse gas na mga emission dahil ang Proyekto mismo ay may malaki at hindi maiiwasang mga epekto sa mga nasabing lugar na ito. Kung kaya, ang pagsusuri sa mga dumaraming epekto ng DFEIR ay hindi akmang binabale-wala ang pangunahing mga pinagmumulan ng polusyon-tulad ng mga marine vessel, mga freeway, at lokal na mga refinery-kung saan ang mga epekto ay maaaring maidagdag sa Proyekto ay lalong dapat isaalang-alang dahil sa pagdami ng mga ito. (Basahin ang Sears Report sa p.11).

Ang kakulangan ng pagsusuri sa mga dumaraming epekto ng DFEIR na kilalanin, mas lalo pa na suriin, ang kasalukuyang mga pinagmumula ng polusyon ay ginagawang imposible para sa publiko o mga tagapagdesisyon na alamin kung ang mga epekto ng Proyekto ay makabuluhan ang pagdami, na lumalabag sa CEQA. Ang pagsusuri sa mga dumaraming epekto ng DFEIR ay dapat baguhin para managot sa mga kasalukuyan at malalaking mga pinagkukuhanan ng polusyon kasama ng mga epekto ng Proyekto.

b. Ang Revised Air Quality Analysis ay May Depekto at Minamaliit ang Mga Epekto sa Kalidad ng Hangin ng Proyekto

Tulad nang nakasaad sa itaas, ang pangunahing ahensya ay dapat na ipahayag sa publiko ang posibleng malaking direkta at di direktang mga epekto sa kapaligiran ng proyekto. Ganoon pa man, ang mga pagsusuri sa kalidad ng hangin para sa Proyekto ay nagmamaliit sa posibleng mga epekto sa kalidad ng hangin na sanhi ng Proyekto, at kailangang baguhin para maibigay sa publiko at sa mga tagapagdesisyon ang isang malinaw na paglalarawan sa tunay na mga ipinapasingaw sa hangin at mga resultang epekto sa kalusugan.

Ang mga epekto sa kalidad ng hangin ng Proyekto ay nasuri ng DFEIR at ng Revised Air Analysis, na nag-update sa pagsusuri sa kalidad ng hangin ng DFEIR. Ayon sa mga dokumentong ito, ang Proyekto ay may malaki at di maiiwasang epekto sa kalidad ng hangin

---

<sup>7</sup> Office of Environmental Health Hazard Assessment, Mga Dumaraming Epekto: Building a Scientific Foundation (Dec. 2010), Exec. Buod, p. ix, available sa <https://oehha.ca.gov/media/downloads/calenviroscreen/report/cireport123110.pdf>.

Nobyembre 7, 2018

Pahina

sanhi ng mga pasingaw ng NO<sub>x</sub><sup>8</sup> at greenhouse gases. Tiyak na dito, ang mga pasingaw mula sa Proyekto ay lalampas sa Bay Area Air Quality Management District (“BAAQMD”) na antas na kayang tanggapin para sa mga pasingaw ng NO<sub>x</sub>, na maaaring sumalungat sa layunin ng Clean Air Plan na magawang ang air basin ay makatugon sa mga pamantayan para sa ozone. Ang mga emisyon ng Proyekto ay hihigit rin sa BAAQMD CEQA na antas ng kahalagahan na 10,000 metrikong tonelada ng carbon dioxide na katumbas kada taon.<sup>9</sup>

Gayunman, malaki ang posibilidad na ang NO<sub>x</sub> ng Proyekto, at ang greenhouse gas na emisyon ay mas malaki kaysa sa ipinahayag, at ang dami ng iba pang mga pasingaw sa hangin, tulad ng mga nakakalason na contaminant ng hangin at particulate matter, ay malaki rin at hindi maiiwasan. (Basahin ang Sears Report). Ito ay dahil ang Revised Air Analysis—at ang mga nakaraang mga pagsusuri na tinalakay sa DFEIR, na pinagbabatayan ng Revised Air Analysis—ay mayroong maraming analytical na kamalian na malaki ang pagpapaliit sa tantiya ng mga emisyon sa hangin ng Proyekto.

Halimbawa, minamaliit ng Revised Air Analysis ang diesel particulate matter na polusyon—at nagreresulta sa tumataas na panganib na magkaroon ng kanser—na nanggagaling sa mga diesel na motor ng mga naka-daong na barko. (Sears Report sa pp.5-8.) Ginagawa ito sa pamamagitan ng pag-aasa sa mali-maling haka-haka para sa bilis ng pagpapalabas mula sa barko, sa diyometro, at pagpoposisyon, at nabigong isama ang downwash ng gusali para sa auxiliary generator at mga pasingaw na mula sa boiler. (*Id.*) Batay sa mga mali-maling haka-haka na ito, ang Revised Air Analysis ay nagtatantiya ng mas mataas na panghabang-buhay na panganib na magkaroon ng kanser sa 18 kada isang milyon (hindi binawasan) o 9 kada isang milyon (mayroong mga pagbabawas). Ngunit sa paggamit ng naaangkop na mga haka-haka, ang lubusang panghabang-buhay na panganib na magkaroon ng kanser mula sa Proyekto ay 627 kada isang milyon, halos 35 beses ng di binawasang panganib at 70 beses na ang binawasang panganib na ipinahayag sa binagong pagsusuri. (*Id.* sa p.8.)

Ikalawa, minamaliit ng Revised Air Analysis ang mga emisyon ng contaminant ng lason sa hangin ng Proyekto, na umaasa muli sa mga mali-maling haka-haka para mapagpasyahan na ang Proyekto ay hindi nagreresulta sa anumang arsenic, cadmium, o chromium na mga singaw, at mareresulta sa minimal lang na emisyon ng lead. Sa katotohanan nga, ang pag-asa sa mga

---

<sup>8</sup> Ang NO<sub>x</sub> ay isang pollutant ng hangin na pangunahing nakaka-apekto sa mga respiratory condition na nagdudulot ng pamamagawa ng mga daanan ng hangin sa matataas na mga level. Ang pangmatagalang pagkakalantad ay magpapahina sa paggana ng baga, magpapataas sa panganib ng mga respiratory condition at pinapataas ang pagtugon sa mga allergen. Ang NO<sub>x</sub> ay nag-aambag rin sa pagbubuo ng fine particles (PM) at ground level ozone, kung saan parehong ang mga ito ay mauugnay sa mga salungat na epekto sa kalusugan. Sa kondisyon na ang mga katabing komunidad ay may ranggo na 99th percentile para sa hika, ang epektong ito ay tiyak na nakakabahala.

<sup>9</sup> Habang ang Revised Air Analysis ay hindi nagpapabago sa kongklusyon ng DFEIR na ang Proyekto ay magkakaroon ng malaki at hindi maiiwasang greenhouse gas na epekto, tila ipinapahiwatig nito na ang applicant ng Proyekto ay bibili ng mga offset sa pamamagitan ng Emissions Banking Program ng BAAQMD para sa mga epekto ng NO<sub>x</sub> ng Proyekto, at batay doon, wawakasan na ang mga epekto ng NO<sub>x</sub> ay mas mababa para maisaalang-alang. Gayunman, habang ang mga offset ay maaaring makapagkaloob ng mahalalagang mga benepisyo sa air basin sa pangkalahatan, ang Revised Air Analysis ay hindi nagpahayag o nagsuri kung ginawa o paano maiiwasan ng pagbili ng mga offset na pagpapagaan ang direktang kalidad ng hangin at mga epekto sa kalusugan sa lokal na komunidad.

Nobyembre 7, 2018

Pahina

naaangkop na haka-haka ay nagpapakita na ang Proyekto ay magpapasingaw ng mga contaminant na nakakalason sa hangin, kasama na ang humigit kumulang sa 18 beses na dami ng lead na ipinahiwatig sa binagong pagsusuri. (Sears Report sa p.9.)

Ikatlo, ang binagong pagsusuri ay nagpapasya ng iba pang mga hindi akmang pamamaraan ng pagmomodelo at mga haka-haka na nagpapahina sa pagkamaasahan nito sa pangkalahatang kongklusyon sa epekto ng kalidad ng hangin. Halimbawa, hindi akmang minomodelo ang mga emisyon sa paggagalaw o pagpapaandar ng barko at paghihila nito, na hindi nagawang isama ang mga epekto ng downwash ng gusali para sa lahat ng mga pinagmumulang punto, at gumagamit ng hindi tunay na kumakatawan na meteorological data. (Sears Report sa pp.9-10.) Ang bawat isa sa mga analytical na kamalian ay humahantong sa pagdududa sa mga kongklusyon ng DFEIR at ng Revised Air Analysis hinggil sa mga epekto sa kalidad ng hangin.

Aming inirerekumenda na ang pagsusuri sa kalidad ng hangin ay baguhin ayon sa mga paksang tinalakay sa Sears Report, kasama na ang: paggamit ng mga naaangkop na hakahaka sa pagkukuwenta ng diesel particulate matter na mga emisyon mula sa mga naka-daong na barko; pagsasama ng downwash ng gusali sa pagsusuri mula sa lahat ng mga puntong pinagmumulan nito; gamit ang mga naaangkop na metrics para sa pagkukuwenta ng mga emisyon ng nakakalason na contaminant sa hangin na galing sa mga ship boiler; gamit ang angkop na mga pamamaraan para mamodelo ang mga emisyon mula sa mga emisyon ng barko at paghihila sa barko; pagkokolekta ng kahit man lang isang taon ng on-site na meteorological data; at pagbabago at pagpapalawak sa pagsusuri sa dumaraming epekto para maisama ang mga lokal na refinery, mga freeway, marine vessel, at pinagmumulan sa area. Inirerekumenda rin namin na hilingin ng Lungsod, bilang kondisyon sa Proyekto, ang patuloy na pagbabantay sa particulate matter. (*Basahin* ang Sears Report sa p.11).

Sa kabila ng posibilidad na ang mga epekto sa hangin ng Proyekto ay mas malaki kaysa sa ipinahayag sa mga dokumento ng pagrerepaso sa kapaligiran na tunay nang nakakabahala, at madadagdagan pa kung isasama ang mga matitindi nang polusyon na mga kalapit na komunidad at ang mataaas na antas ng sakit na may kaugnayan sa polusyon. Ang mga analytical na kamalian ay dapat lutasin, at ang data at pagsusuri ay dapat gawing available para makita ng publiko, bago konsiderahin ang Proyekto na maaprubahan. Mahalaga na may malay ang publiko at ang mga tagapagdesisyon tungkol sa mga totoong epekto ng Proyekto, at ang mga epektong iyon ay mabawasan upang umabot sa mas mababa sa katanggap-katanggap na level, kung magpatuloy ang Proyekto.

- c. Ang Mga Hakbang para sa Pagbabawas ng Lakas (ng Epekto sa Kapaligiran) para sa Iba Pang Mga Proyekto ng DFEIR ay Hindi Sapat, Labag sa Batas na Pinaantala, at Hindi Posibleng Ipatupad.

Hinihiling ng CEQA mula sa pangunahing ahensya na ikonsidera at ipatupad ang magagamit na mga hakbang sa pagabawas ng lakas ng epekto sa kapaligiran na maaaring magpakaunti sa mga salungat na epekto ng proyekto upang umabot sa mas mababa sa katanggap-tanggap na level. (Pub. Resources Code, § 21100, subd. (b)(3).) Sa pangkalahatan ay hindi angkop na ipaantala ang pormulasyon ng mga pamamaraan sa pagbabawas ng (mga epekto) sa hinaharap. (CEQA Guidelines, § 15126.4(a)(1)(B).) Maaari lang ipaantala ng pangunahing



ahensya ang pagbabawas ng mga epekto kung saan, bukod sa iba pang mga dapat ikonsidera, ang EIR ay nagtakda ng isang kriterya sa pamamahala ng mga kilos na gagawin sa hinaharap para mapatupad ang pagbabawas (ng mga epekto), at sinisiguro ng ahensya na ang mga panghinaharap na pagbabawas ay parehong "posibleng gawin at mabisa." (*Californians for Alternatives to Toxics v. Dept. of Food & Agric.* (2005) 136 Cal.App.4th 1, 17.) Ang hindi mapapahintulutan na pagpapaantala ay nagaganap kapag humingi ang EIR na gumawa ng mga pamamaraan sa pagbabawas (ng epekto) batay sa mga panghinaharap na pag-aaral ngunit nabigo ang ahensya na umalinsunod ayon sa mga tiyak na pamantayan sa pagganap ng kanilang trabaho. (*Cal. Clean Energy Comm. v. City of Woodland* (2014) 225 Cal. 4th 173, 195.)

Dahil ang karamihan sa mga epekto ng Proyekto na hinahabol ng DFEIR ay babawasan ang magiging epekto sa kapaligiran, ang mga pamamaraan sa pagbabawas ng mga epekto ay hindi wastong ipinaantala at hindi posibleng ipatupad dahil kung ang mga ito sa batayang kriterya o mga pamantayan sa pagganap. Aming inirerekumenda na baguhin ng Lungsod ang mga hakbang sa mitigasyon na kulang sa mga mapapatupad na pamantayan—kasama na iyong mga tinalakay sa ibaba—para matiyak na ang mga epekto ng Proyekto ay mapapakaunti upang pang umabot sa mas mababa sa katanggap-tanggap na level.

*i. Transportasyon at Trapiko*

Humantong sa kongklusyon ang DFEIR na dulot ng Proyekto ay magkakaroon ng napakalalaking pagbigat ng trapiko sanhi ng mga truck sa mga katabing residential na area—na aabot sa hanggang 509 biyahe ng mga truck araw-araw, ng 24 oras—isang napakalaking epekto na babawasan sa isang mas mababa sa katanggap-tanggap na level sa pamamagitan ng pagpapataw ng mga pamamaraan ng mitigasyon.<sup>10</sup> Nadetermina ng DFEIR na ang mga epekto mula sa mga araw-araw na pagbiyahe ng mga truck ay napakalaki, batay sa kriterya ng kahalagahan nito, kung ang mga dinagdag na truck ay “magreresulta sa hindi ligtas pagkilos ng sasakyan, pedestrian at bisikleta nang walang mga pisikal na pagpapahusay para mapaunlad ang kaligtasan” at kung ang Proyekto ay “magiging sanhi ng di ligtas at madaling pagkilos ng lokal na mga sasakyan, pedestrian, at bisikleta.” Ngunit para mapagaan ang mga epektong ito, ang DFEIR ay nagpataw ng hindi mapapahintulutan na naantala, hindi malinaw at hindi posibleng ipatupad na mga hakbang sa mitigasyon. Hinihiling ng DFEIR na ang mga applicant na nagtatrabaho sa Lungsod ay magsagawa ng mga hindi tinukoy na pagpapaunlad sa daan at gumawa ng mga plano sa pamamahala ng trapiko sa isang punto sa hinaharap. Ang mitigasyon para sa trapiko ay nakaka-apekto sa mga kalapit na residential na neighborhood ay lalong hindi detalyado, kasama na ang di tiniyak na “mga hakbang sa pamamahala ng trapiko,” “mga

---

<sup>10</sup> Ipinapahiwatig ng Revised Air Analysis indicates na ang Revised Operations Alternative para sa Proyekto ay maaaring humiling ng mas kaunting biyahe ng truck kada araw, posibleng hanggang 122 na biyahe na lang kada araw. Gayunpaman, hindi malinaw kung may anumang mapapatupad na patakaran para mabigyang limitasyon ang mga biyahe ng truck ang ipapatupad, ni hindi rin malinaw kung ang nasabing limitasyon ay makatotohanan kung ikokonsidera ang uri ng Proyekto. Samakatuwid, nananatiling hindi malinaw kung ilang mga truck ang makaka-access sa Proyekto. Subali’t, kahit na ang bilang ng mga arawang biyahe ng mga truck ay mabawasan sa 122, ang bilang na ito ay isang kombinasyon ng inaasahang pagdami ng trapiko ng sasakyan na napakalahalaga, dahil ang trapiko ay kinakailangang dumaan sa mga kalapit na residential na neighborhood para ma-access ang Proyekto.

Nobyembre 7, 2018

Pahina

pamamaraan sa pagbibigay ng abiso,” at “isang proseso” para matugnan ang mga problema sa kaligtasan at mga reklamo. Walang mga pamantayan sa pagganap o mapapatupad na kriterya para sa mga pagpapaunlad na ito ang tinukoy sa DFEIR.

Ang mga pamamaraan sa mitigasyon na ito ay hindi pinahintulutang pinaantala at kulang sa mga mapapatupad na pamantayan, na lumalabag sa CEQA. Ang Lungsod ay dapat gumawa at magpatupad ng mga maisasakatuparang paraan para mabawasan ang mga epekto na dulot ng mga epekto sa trapiko ng Proyekto upang umabot sa mas mababa sa katanggap-tanggap na level, o kung matuklasan nito na ang pagbabawas sa mga epekto ito upang umabot sa mas mababa sa katanggap-tanggap na level ay hindi posible, dapat ipahayag ang Lungsod na ang mga epektong ito ay napakahalag at hindi maaaring hindi gawin.

*ii. Ilaw at Liwanag*

Ang Proyekto ay magtatrabaho ng 24 oras at kailangang ng matinding mga pailaw para sa kaligtasan at seguridad, na magreresulta sa malalaking epekto sa ilaw at liwanag. Nadetermina ng DFEIR na ang epektong ito ay mapapagaan upang umabot sa mas mababa sa katanggap-tanggap na level, ngunit, sa pamamagitan ng lumaong pagde-develop ng isang plano sa pailaw na “magpapakaunti” sa pagkalat ng liwanag ng ilaw sa ibang lugar. Ang mga pamamaraan sa mitigasyon na ito ay kulang sa tiyak na kriterya sa pagganap, na hindi ipinapaliwanag kung paano at hanggang sa anong saklaw kailangang mabawasan ang mga epekto ng ilaw at liwanag, at samakatuwid, hindi naaangkop na ipinaantala, at hindi makapagbibigay suporta sa mga kongklusyon ng DFEIR na ang epekto ng ilaw at liwanag ay mababawasa upang umabot sa mas mababa sa katanggap-tanggap na level.

*iii. Kawalan ng Bay-Delta Habitat*

Tulad rin ng nabanggit, iminumungkahi ng DFEIR na para mabawasan ang kawalan ng mahalagang Bay-Delta subtidal at intertidal habitat sa pamamagitan ng lumaong pagkikilala, pagpapatupad, at/o pagpopondo sa “mga sapat na aktibidad para sa mitigasyon [.]” Ang pamamaraan sa mitigasyon na ito ay napakalawak at walang mga pananagutan na maaaring mapatupad, at samakatuwid, ay hindi makatitayak na ang mitigasyon ay magreresulta sa mga epekto na mas mababa sa katanggap-tanggap na level.

*iv. Mapapanganib na Materyales*

Ang construction ng Proyekto ay mangangailangan ng paggamit ng mga mapapanganib na materyales, tulad ng mga diesel fuel at mga solvent, at maaaring makagambala sa kontaminadong lupain o groundwater. Hindi wastong nagbigay ng kongklusyon ang DFEIR na ang mga epekto mula sa mapapanganib na materyales ay mas kaunti upang maturing na napakahalaga makalipas ang mitigasyon. Ang kongklusyon na ito ay batay sa pamamaraan ng mitigasyon na hinihiling sa panghinaharap na development ng plano sa pamamahala ng mapapanganib na materyal, kahit na naitatag ng DFEIR na walang mga pamantayan sa pagganap o mga pamamaraan para sa planong ito. Ang pag-asa sa pinaantala at hindi mapapatupad na pamamaraan ng mitigasyon na ito para mawakasan ang mga sinasabing epekto ng proyekto ay mas kaunti upang makonsidera, ay lumalabag sa CEQA.

Dahila ang mga pamamaraan ng mitigasyon na ito ay ipinaantala at hindi mapapatupad, ang mga sinasabing mas mababa sa katanggap-tanggap na level na epekto ay maaring, sa

Nobyembre 7, 2018

Pahina

katotohanan, napakahalaga at malaki ang magiging epekto. Samakatuwid, kailangang baguhin ang DFEIR para matiyak na ang mga pamamaraan ng mitigasyon ay mabisa at mapapatupad, o kung saan ang bisa ng mga pamamaraan ng mitigasyon ay hindi tiyak, kailangang ipahayag ng Lungsod sa publiko na ang mga epekto ng Proyekto ay malaki at mahalaga.

d. **Hindi nagawa ng DFEIR na Suriin ang Posibleng Malalaking Epekto ng Transportasyon ng Uling (Coal)**

Nabigo ang DFEIR na ikonsidera ang posibleng malalaking epekto na magaganap kung ang uling (coal) o petcoke ay pinadaan sa Terminal. Nakasaad sa DFEIR na ang Terminal ay hindi mamamahala sa uling (coal) o anumang iba pang mga produkto na petroleum based. Ngiunit, hindi tinukoy ng DFEIR ang anumang mapapatupad na kondisyon na makakaiwas sa pamamahala o transportasyon ng uling (coal) sa Terminal o hindi nagagarantiya na walang uling (coal) ang ipapadaan sa Terminal. Ang transportasyon ng uling (coal) ay may matitindi at malawakang saklaw na epekto sa kapaligiran at kalusugan ng tao. Halimbawa, ang uling ay ang pangunahing pinagkukuhanan ng mga greenhouse gas, at ang transportasyon ng uling ay nagpapalabas ng mga kumakalat na alikabok ng uling, na may nakakalasong mga component na masama sa kalusugan ng tao at sa aquatic ecosystem. Kaya, para maaprubahan ang Proyekto, ang Lungsod ay dapat: 1) magpataw ng mga naipapatupad na kondisyon sa Proyekto na ipinagbabawal ang transportasyon ng uling (coal) at petcoke, o 2) pagsusuri, pagpapahayag, at pagbabawas sa mga panganib na may kaugayan sa posibleng transportasyon ng uling (coal) o petcoke na dadaan sa Terminal.

B. **Ang Pagsusuri sa Environmental Justice ay May Depekto at Mapanlinlang**

Kinikilala na ang isang hiwalay na pagsusuri sa environmental justice ay hindi tiyak na hinihiling ng CEQA, kami ay nagpupuri sa Lungsod sa paghahanda nito sa pagsisikap na suriin ang mga epekto sa environmental justice ng Proyekto. Gayupaman, bilang parte ng pangkalahatang pagsusuri sa kapaligiran ng Lungsod at ang pampublikong pagpapahayag para sa Proyekto, mahalagang hindi linlangin ng EJA ang publiko at ng mga tagapagdesisyon sa hindi nararapat na epekto ng Proyekto sa mga komunidad na may mababang kita at mga komunidad ng minority. Ngunit ang EJA ay mapanlinlang dahil: (1) ang demograpikong pagsusuri nito ay nagtatakip sa mga epekto ng Proyekto sa mga katabing komunidad na may mababang kita at komunidad ng minority; at (2) nabigo itong ikonsidera ang kasalukuyang problema ng polusyon sa mga katabing komunidad.

a. **Ang Demograpikong Pagsusuri ng EJA ay Mapanlinlang**

Ang pagsusuri ng EJA kung mayroong mga komunidad ng mababang kita o komunidad ng minority, para sa hindi wastong maapektuhan ng Proyekto ang mga komunidad na iyon, ay mapanlinlang.

Tulad nang ipinaliwanag ng EJA, ang Interagency Federal Working Group sa mga patnubay ng Environmental Justice ("mga patnubay ng EJ") ay nagsabing ang komunidad ng may mababang kita o komunidad ng minority ay matatagpuan sa lugar kung ang minority o mababang kita na populasyon ay malaki ang dinami kaysa sa "pangkalahatang populasyon," o kung ang populasyon ng minority o may mababang kita ay higit sa 50 porsiyento ng total na populasyon. Dito, ang populasyon ng minority ng mga katabing neighborhood ay higit na mas mataas sa 50

porsiyentong limitasyon. Ngunit sa halip na gamitin ang metric na iyon, gumagamit ang EJA ng “pangkalahatang populasyon” na paghahambing na metric para matiyak ang pagkakaroon ng populasyon ng may mababang kita o minority. Sa paggagawa nito, ikinukumpara ng EJA ang porsiyento ng minority at ng may mababang kita sa kinilalang area A at B na maaapektuhan ng Proyekto (“mga area na maaapektuhan”) sa “pangkalahatang populasyon” ng Lungsod ng Vallejo. Hindi ipinaliwanag ng EJA kung bakit pinili ang Lungsod bilang “pangkalahatang populasyon” bilang batayan ng paghahambing, salungat sa maaaring makumparang mga area sa county, estado o iba pang lugar. Ang paggamit ng Vallejo bilang punto ng paghahambing ay nagpapakiling sa kahalagahan ng proporsyon ng mga sambahayan na may mababang kita at minority sa mga area na maaapektuhan dahil ang Vallejo mismo ay may higit na mas malaking minority at mababang kitang populasyon kaysa sa Solano County, sa Estado ng California, at sa Estados Unidos, tulad nang ipinapakita sa Talaan 1.

**Talaan 1: Ang Minority at May Mababang Kitang Mga Populasyon bilang Sanggunian sa Geographies at Mga Maaapektuhang Area<sup>11</sup>**

| <b>Geographic Area</b>      | <b>% Minority na Populasyon</b> | <b>% ng Mga Taong Namumuhay sa Kahirapan</b> |
|-----------------------------|---------------------------------|--|
| <b>Estados Unidos</b>       | 37.2%                           | 15.6%  |
| <b>CA</b>                   | 60.8%                           | 16.4%  |
| <b>Solano County</b>        | 59.9%                           | 13.1%  |
| <b>City of Vallejo</b>      | 75.4%                           | 18.3%  |
| <b>Maaapektuhang Area A</b> | 76.8%                           | 22.1%  |
| <b>Maaapektuhang Area B</b> | 75.7%                           | 25.4%  |

Ang pagkukumpara sa mga naapektuhang area sa populasyon ng Lungsod, binibigyang kongklusyon ng EJA na ang naapektuhang mga area ay walang maisasaalang-alang na malaking populasyon ng minority kaysa sa Vallejo, at samakatuwid, walang narorrong minority na populasyon na maaaring magdusa sa isang hindi balanseng epekto sanhi ng Proyekto. Kung saan ang naapektuhang area ng proyekto ay mayroong malaking proporsyon ng mga minority na residente—sa kasong ito ay humigit kumulang sa 76% na minority—hindi ito maipangatuwiran para ipahayag na walang komunidad ng minority ang di angkop na maaapektuhan.

Sinasabi ng EJA na mayroong malaking kaibahan batay sa estatistika sa pagitan ng porsiyento ng mga tao na namumuhay sa kahirapan sa Area B at sa Lungsod ng Vallejo, ngunit hindi sa Area A, at samakatuwid, may mababang kitang komunidad sa Area A na maaaring magdusa mula sa hindi naaangkop na epekto. Ngunit ang pagsusuri at pagpapasya sa mababang kita ay lubos na hindi nalinawan.

Una, mahirap maunawaan kung bakit ang Area A ay *hindi* nakonsidera bilang mababang kita dahil ito ay mayroong 4% lang na mas mataas na rate ng kahirapan kaysa sa natitirang parte ng Vallejo, kung saan ang Area B ay makokonsidera bilang mababang kita, na may 7% na mas mataas na rate ng kahirapan kaysa sa Vallejo. Ang kongklusyon na ito ay tiyak na walang

<sup>11</sup> Ang data sa Talaan 1 ay kinuha mula sa Mga Talaan 1 at 2 ng EJA.

Nobyembre 7, 2018

Pahina

pangangatuwiran dahil ang Vallejo mismo ay mayroong halos doble karaming mga tao na namumuhay sa kahirapan kaysa sa Solano County. Habang ang naaangkop na batayan para sa paghahambing ay depende sa mga pangyayari, kung ikinumpara ng EA ang mga populasyon ng area na maapektuhan sa Solano County, California, o sa Estados Unidos, maaaring madetermina na ang Proyekto ay hindi angkop na makaka-apekto sa may mababang kita na komunidad para sa *parehong* Area A at B.

Ikalawa, inilalarawan ng EJA ang mga may mababang kita na tao bilang iyong mga namumuhay nang mas mababa sa federal poverty line, na kinilala ng EJA bilang \$24,230 para sa isang pamilya ng binubuo ng apat na katao. Habang ito ay maaaring teknikal na akma sa pederal na patnubay, kinikilala ng patnubay na maaaring nabigong ikonsidera ng metric na ito ang mahahalagang mga factor tulad ng mga pang-rehiyon na pagkakaiba sa pangkabuhayang kapakanan at mga presyo ng pabahay. (*Basahin ang Technical Guidance for Assessing Environmental Justice in Regulatory Analysis* ng EPA [“EPA’s Technical Guidance”] sa Section 2.2.2.<sup>12</sup>) Nakatala rin sa patnubay na ito na ang Census Bureau ay hindi nagpapaliwanag sa “mababang kita,” salungat sa “kahirapan,” at samakatuwid, ang pagkikilala bilang mababang kitang mga populasyon sa mas malawak na paraan kaysa doon lang sa mga indibiduwal na napapaloob sa ibaba ng poverty line ay maaaring matiyak. (*Basahin ang id.*)

Dagdag pa dito, ang batas ng estado ay nagkakaloob ng mga parameter para malarawan ang mga mababang kita na komunidad para sa layunin ng pagkikilala sa mga komunidad ng environmental justice sa California. Ang SB 1000—ang batas sa California na hinihiling mula sa mga munisipyo na magdagdag ng elemento ng environmental justice sa kanilang mga pangkalahatang plano—ay naglalarawan sa “may mababang kitang area” bilang “isang area na may kita ang mga sambahayan na aot o mas mababa sa 80 porsiyento ng statewide median na kita o mga kita ng sambahayan na abot o mas mababa sa tinatanggap na limitasyon na naitalaga bilang mababang kita ng listahan ng mga limitasyon ng kita sa estado ng Department of Housing and Community Development[.]” (Gov. Code, § 65302, subd. (h)(4)(C).) Tinutukoy ng California Department of Housing and Community Development ang mababang kita sa Solano County bilang isang pamilya na binubuo ng apat na kumikita ng hanggang \$66,950 kada taon.<sup>13</sup> Ang walumpung porsiyento ng statewide median na kita para sa isang pamilya na binubuo ng apat ay \$50,466.<sup>14</sup> Ang mga bilang na ito ay higit sa doble ng bilang na ginamit ng EJA para sa isang pamilyang binubuo ng apat (\$24,230). Kaya, marahil na malaki ang pagkukulang ng EJA sa pagtatanyang proporsyon ng mga may mababang kitang sambahayan sa lahat ng mga tinukoy na area. Samakatuwid, inirerekumenda namin na rebisahin ang EJA para makapagbigay ng mas tamang pagsusuri kung ang Proyekto ay makaka-apekto sa mga komunidad na may mababang kita at komunidad ng minority.

---

<sup>12</sup> Available sa [https://www.epa.gov/sites/production/files/2016-06/documents/ejtg\\_5\\_6\\_16\\_v5.1.pdf](https://www.epa.gov/sites/production/files/2016-06/documents/ejtg_5_6_16_v5.1.pdf)

<sup>13</sup> *Basahin ang* <http://www.hcd.ca.gov/grants-funding/income-limits/state-and-federal-income-limits/docs/inc2k18.pdf>

<sup>14</sup> Ang statewide median na kita ay \$63,083. Basahin ang <https://www.cde.ca.gov/sp/cd/ci/mb1803.asp>

b. Nabigo ang EJA na Kilalanin ang Kasalukuyan Nang Nararanasan na Problema sa Polusyon

Ang isang mahalagang elemento sa pagpapasya kung ang isang proyekto ay may mga negatibong epekto sa komunidad ng environmental justice ay ang pagakaroon ng iba pang mga pinagkukuhanan ng peligro at mga contaminant na umaapekto na sa nasabing komunidad. “Ang mga pinagmumulan ng Emisyon para sa mga pollutant ng kalikaran ay natuklasan na madalas nakatuon sa mga lokasyon na nangingibabaw ang mga populasyon ng minority, mga populasyon na may mababang kita, o mga indidigenous na tao..., na ikinokonsidera ang maraming mga pinagmumulan bilang mahalaga sa pagsasaalang-alang ng panganib sa kalusugan sa mga nasabing populasyong ito.” (EPA’s Technical Guidance sa Section 4.2.4.) Sa California, ginagamit ng batas ang katawagan na “disadvantaged na komunidad” na sumangguni sa mga komunidad ng environmental justice,<sup>15</sup> at inilalarawan ang prase na iyon na nangangahulugan bilang parehong area na maraming mga tao na may mas mababang kita o may iba pang mga katangian ang populasyo, na ginagawang sensitibo ang mga ito sa polusyon at mga area na di wastong nalantad sa polusyon sa kapaligiran na maaaring humantong sa mga negatibong epekto sa kalusugan. Ngunit hindi binanggit ng EJA—at lalo nang hindi ipinahayag at sinuri—ang kasalukuyang polusyon na nakatuon na sa komunidad, at ang kadaliang matamo ng komunidad ang nasabing polusyon. Sa pamamagitan ng hindi pagpapansin sa mga kasalukuyang problema ng komunidad, di tunay na pinapakaunti ng EJA ang mga posibleng epekto ng Proyekto sa gitna ng mga nasabing kondisyong iyon, na nilililang ang publiko at ang mga tagapagdesisyon.

C. Nabigo ang DFEIR na Ikonsidera ang Mga Posibleng Panganib sanhi ng Kinalalagyan ng Site ng Proyekto na nasa Sea-Level Rise Inundatione Zone

Nasa isang five foot sea-level rise na lugar, ang site ng Proyekto ay ganap na babahain. Sa mas mababang mga level, ang site ay mapapasailalim sa pana-panahong pagbabaha at storm surge (biglang pagbaha dulot ng tubig mula sa dagat at lakas ng ulan). Hindi ipinapahiwatig ng DFEIR ang anumang konsiderasyon sa posibilidad ng pagbabaha o paglubog ng Site, o mga panganib mula sa nasabing posibleng pangyayari, tulad ng mga pagpapalabas ng contaminant, mga sunog, atbp. Sa halip, ipinapahiwatig lang nito na ang wharf ng VMT at ang iba pang mga bahagi nito ay idinisenyo para makatiis sa mga kaganapan ng pagtaas ng tide at paglubog sa tubig dagat. Hinihikayat namin ang Lungsod na suriin ang mga posibleng pangyayari ng pagtaas ng tubig dagat at isaalang-alang ang mga ito sa kanilang proseso ng pagplano, at magpataw ng naipapatupad na mga tuntunin sa Proyekto na nagbibigay proteksyon laban sa mga panganib na maaaring ma-ugnay sa pagbabaha o paglubog ng site ng Proyekto.

**III. Kongklusyon**

Bilang pagtatapos, ang DFEIR ay dapat na baguhin at, kung kinakailanga, muling ipamahagi, para malutas ang mga kakulangan ng CEQA tulad nang tinukoy sa itaas, at para matiyak na ang mga epekto sa kapaligiran at komunidad ng Proyekto ay ganap na nauunawaan, naipahayag at mabawasan hanggang sa sukdulan hangga’t posible. Nagpapasalamat kami sa

---

<sup>15</sup> Health and Safety Code 39711. Ang legal na paglalarawan na ito ng “disadvantaged na komunidad” ay ginagamit para sa iba’t ibang mga layunin ng environmental justice sa estado, kabilang na ang paglalaan ng pondo.

Nobyembre 7, 2018

Pahina

iyong konsiderasyon sa aming mga komento at umaasa kami na hihilingin ninyo ang ganap na konsiderasyon ng tunay na mga epekto ng Proyekto bago bigyang sertipikasyon ang dokumentong pangkapaligiran at marepaso ang Proyekto bago ito aprubahan.

Sumasainyo,

*/s/ Erin Ganahl*

ERIN GANAHL  
Deputy Attorney General

Para kay XAVIER BECERRA  
Attorney General

CC: Shannon Eckmeyer, Assistant City Attorney (Shannon.Eckmeyer@cityofvallejo.net)

OK2017307117

Comment\_Letter\_Re\_Vallejo\_Cement\_Plant\_and\_Marine\_Terminal\_TAG.doc